Supplemental Security Income (SSI)

**2008 na Edisyon**

# Unawain ang SSI: Tungkol sa Student Earned Income Exclusion (Eksklusyon ng Kita na Kinita ng Estudyante)

## Ano ang student earned income exclusion?

Ang probisyon na ito ay nagpapahintulot sa isang taong wala pang 22 taong gulang at regular na pumapasok sa paaralan na hindi isama ang mga kita mula sa income.

Noong Enero 2007, ang mga halaga ay tumaas at naging $1,510 bawat buwan hanggang sa pinakamalaki bawat taon na $6,100.

Noong Enero 2008, ang mga halaga ay tumaas at naging $1,550 bawat buwan hanggang sa pinakamalaki bawat taon na $6,240.

Iniaakma namin ang buwanang halaga at ang taunang limit bawat taon, batay sa anumang mga pagtaas sa cost-of-living index.

Inaaplay namin ang eksklusyon na ito bago ng ibang eksklusyon.

## Ano ang ibig sabihin ng "regular na pumapasok sa paaralan"?

Ang "regular na pumapasok sa paaralan" ay nangangahulugang ang tao ay kumukuha ng isa o higit pang mga kurso ng pag-aaral at pumapasok sa klase:

sa isang kolehiyo o unibersidad, nang walong oras bawat linggo man lamang; o

sa grades 7–12, nang 12 oras bawat linggo man lamang; o

sa isang training na kurso upang maghanda para sa pagtratrabaho, nang 12 oras bawat linggo (15 oras bawat linggo kung may shop practice na kasama sa kurso); o

para sa mas kaunting panahon kaysa sa nakapahayag sa itaas para sa mga dahilan na hindi makokontrola ng estudyante, tulad ng sakit.

Ang isang taong kailangan manatili sa tahanan dahil sa isang kapansanan ay maaaring maging isang estudyante kapag siya'y:

nag-aaral ng isang kurso o mga kurso na ibinibigay ng isang paaralan (grades 7-12), kolehiyo, unibersidad, o ahensiya ng gobyerno; at

may home visitor (taong pumupunta sa tahanan) o tutor mula sa paaralan na nangangasiwa sa pag-aaral o training.

## Halimbawa:

Si Jim ay isang estudyante na kumikita ng $1,600 bawat buwan sa Hunyo, Hulyo, at Agosto ng 2008. Sa Setyembre, babalik siya sa paaralan at magpapatuloy siyang magtrabaho nang part-time. Kumikita siya ng $800 bawat buwan sa Setyembre hanggang Disyembre 2008.

Gamit ang student earned income exclusion, maaaring hindi isama ni Jim ang $1,550 ng kanyang mga kita sa Hunyo, Hulyo, at Agosto, at maaari niyang hindi isama ang lahat ng kanyang $800 na kita sa Setyembre. Hanggang Setyembre, gagamitin ni Jim ang $5,450 ng kanyang $6,240 limit bawat taon. Kapag hindi sinama ang $790 mula sa kanyang kita sa Oktubre, mauubos ang kanyang taunang limit. Ang kanyang mga natitirang suweldo, pagkatapos ibawas ang mga buwanan at taunang limit, ay mapapailalim pa rin sa earned income exclusion na $65 bawat buwan at kalahati ng natitirang kinitang income.

## Mayroon pa bang ibang mga patakaran na makakatulong?

Ang ibang mga insentibo sa trabaho ng SSI, tulad ng Plans to Achieve Self–Support (PASS), work expense exclusions, at patuloy na Medicaid coverage ay maaaring makatulong sa isang benepisyaryo ng SSI habang nagtratrabaho.

ANG IMPORMASYON NA ITO AY PANGKALAHATANG IMPORMASYON LAMANG. ARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON, TUMAWAG SA 1–800–772–1213 (TTY 1–800–325–0778), BISITAHIN ANG AMING WEBSITE (www.socialsecurity.gov) SA INTERNET, O MAKIPAG-ALAM SA TANGGAPAN NG SOCIAL SECURITY SA IYONG LUGAR.